# Supplemental Security Income (SSI)

## Ano ang nasa loob


| | |
|---|---|
| Supplemental Security Income (SSI) | 1 |
| Ano ang SSI? | 1 |
| Mga Tuntunin sa pagkuha ng SSI | 2 |
| Paano mag-apply para sa SSI? | 3 |
| Maaari kang makatanggap ng iba pang tulong | 5 |
| Maaari kang makatanggap ng Social Security | 6 |
| Pakikipag-ugnayan sa Social Security | 6 |


## Supplemental Security Income (SSI)

Ang libritong ito ay nagpapaliwanag kung ano ang Supplemental Security Income (SSI), sino ang maaaring makakuha nito, at kung paano mag-apply. Para sa impormasyon na mas tiyak para sa inyo, makipag-usap sa kinatawan ng Social Security.

Pinamamahalaan ng Social Security Administration ang programa ngunit ang SSI ay hindi binabayaran ng mga buwis mula sa Social Security. Ang mga pangkalahatang pondo ng U.S. Treasury, hindi ang mga trust fund the Social Security, ang nagbabayad para sa SSI.

## Ano ang SSI?

Ang SSI ay nagsasagawa ng mga buwanang pagbabayad sa mga taong may mababang kita at kakaunting pinagkukuhanan ng salapi, at iyong mga:

- May edad na 65 taong gulang o mas matandan;
- Bulag; o
- May kapansanan.

Kung ikaw ay nag-a-apply para sa SSI, kailangan mo rin basahin ang *What You Need To Know When You Get Supplemental Security Income (SSI) (Ano ang Kailangan Mong Malaman Kapag Nakakuha ka ng Supplemental Security Income o SSI)* (Publication No. 05-11011).

***TALA:*** *Ang may kapansanan o bulag na mga bata na ang mga magulang ay may kakaunting kita o pinagkukuhanan ng salapi ay maaaring karapat-dapat rin para sa mga benepisyo na mula sa Supplemental Security Income. Ang basic na halaga ng SSI ay pareho sa buong bansa. Ang karamihan sa mga estado, gayunman, ay nagdadagdag ng pera sa basic na benepisyo. Maaari kayong tumawag sa amin upang malaman ang mga halaga para sa iyong estado.*

## Mga Tuntunin sa pagkuha ng SSI

### Ang Inyong Kita at Mga Pinagkukuhanan ng Salapi

Kung makakakuha ka ng SSI ay depende sa iyong kita at mga pinagkukuhanan ng salapi (mga bagay na pagmamay-ari mo).

### Kita

Ang kita ay ang perang natatanggap mo tulad ng mga suweldo, mga benepisyo mula sa Social Security, at mga pension. Kabilang rin sa kita ang mga bagay tulad ng pagkain at matutuluyan. Ang halaga ng kita na matatanggap mo bawat buwan at patuloy na makukuha sa SSI ay bahagyang umaasa kung saan ka nakatira. Maaari kang tumawag sa amin upang malaman ang mga limitasyon sa kita sa iyong estado.

Hindi binibilang ng Social Security ang lahat ng iyong kita kapag nagpasya kami kung kuwalipikado ka para sa SSI, **Halimbawa**, **hindi** namin binibilang:

- Ang unang $20 kada buwan ng karamihan sa mga kita na natatanggap mo;
- Ang unang $65 kada buwan na kinikita mo mula sa pagtatrabaho at kalahati ng halaga na higit sa $65;
- Mga benepisyo mula sa Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP), dating tinatawag na food stamps;
- Matutuluyan o shelter na makukuha mo mula sa mga pribadong nonprofit na organisasyon; at
- Karamihan sa mga tulong para sa enerhiya sa bahay.

Kung ikaw ay kasal, sinasama namin ang parte ng kita at pinagkukuhanan ng salapi ng iyong asawa kapag pinagpapasyahan kung kuwalipikado ka para sa SSI. Kung ikaw ay mas bata sa edad na 18 taong gulang, isinasama namin ang parte ng kita ng iyong mga magulang at mga pinagkukuhanan ng salapi. At, kung ikaw ay isng sponsored na di mamamayan, maaari naming isama ang kita at pinagkukuhanan ng salapi ng iyong sponsor.

Kung ikaw ay isang estudyante, ang ilan sa mga suweldo o scholarship na matatanggap **ay maaaring hindi** bilangin sa pagkukuwenta.

Kung ikaw ay may kapansanan, ngunit nagtatrabaho, ang Social Security ay **hindi** binibilang ang mga suweldo na ginagamit para para bayaran ang mga item o serbisyo na nakakatulong sa iyong magtrabaho. Halimbawa, kung kailangan mo ng wheelchair, ang mga suweldong ginagamit mo para bayaran ang wheelchair ay hindi mapapabilang bilang kita kapag pinagpasyahan namin kung kuwalipikado ka para sa SSI.

At, ang Social Security ay **hindi** binibilang ang mga suweldong ginagamit ng isang bulag na tao para sa mga gastusin sa trabaho. Halimbawa, kung ginamit ng isang bulag na tao ang mga suweldo para bayaran ang transportasyon papunta at mula sa trabaho, ang mga suweldo na ginamit para bayaran ang gastusin sa transportasyon ay hindi mabibilang na kita.

Kung ikaw ay may kapansanan o bulag, ang ilan sa kita na magagamit mo (o matitipid) para sa pagsasanay,o para bumili ng mga item na kailangan mo para sa trabaho, **ay maaaring hindi** mapabilang.

*(kabila)*

### Mga Pinagkukuhanan ng Salapi (mga bagay na pagmamay-ari mo)

Ang mga pinagkukuhanan ng salapi na binibilang namin sa pagpapasya kung kuwalipikado ka para sa SSI ay kinabibilangan ng real estate, mga bank account, cash, stocks at bonds.

Maaari kang makakuha ng SSI kung ang iyong mga pinagkukuhanan ng salapi ay katumbas ng $2,000 o mas kaunti pa. Maaaring makakuha ang isang couple ng SSI kung mayroon silang pinagkukuhanan ng salapi na katumbas ng $3,000 o mas kaunti pa. Kung ikaw ay may ari-arian na sinusubukan mong ibenta, maaari kang makakuha ng SSI habang sinusubukan na ibenta ito.

Hindi binibilang ng Social Security ang lahat ng pagmamay-ari mo sa pagpapasya kung masyado kang maraming mga pinagkukuhanan ng salapi para maging kuwalipiado para sa SSI. Halimbawa, hindi namin binibilang:

- Ang bahay at lupa kung saan ka nakatira;
- Ang mga polisa sa life insurance na may aktuwal na halagang $1,500 o mas kaunti;
- Ang iyong kotse (karaniwan);
- Mga burial plot para sa iyo at sa mga miyembro ng iyong kagyat na pamilya; at
- Hanggang $1,500 sa mga pondo sa paglilibing at hanggang $1,500 sa mga pondo sa paglilibing para sa iyong asawa.

### Iba pang mga tuntunin na kailangan mong matugunan

Para makakuha ng SSI, kailangan ay nakatira ka sa Estados Unidos o sa Northern Mariana Islands at maging isang mamamayan o national ng Estados Unidos. Sa ilang mga kaso, ang mga di mamamayan na residente ay maaaring maging kuwalipikado para sa SSI. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang *Supplemental Security Income (SSI) for Noncitizens (Supplemental Security Income o SSI para sa Mga Di Mamamayan)* (Publication No. 05-11051).

- Kung ikaw ay karapat-dapat para sa Social Security o iba pang mga benepisyo, kailangan mong mag-apply para sa mga ito. Kung karapat-dapat, maaari kang makakuha ng SSI at iba pang mga benepisyo.
- Kung ikaw ay nakatira sa ilang mga uri ng institusyon, maaari ka rin makakuha ng SSI.
- Kung ikaw ay nakatira sa isang lungsod o county rest home, halfway house, o iba pang pampublikong institusyon, tulad ng isang kulungan, karaniwan ay di ka makakakuha ng SSI. Ngunit may ilang mga hindi kasama.
  - —Kung ikaw ay nakatira sa isang pampublikong komunidad na residence na nagsisilbi sa hindi hihigit sa 16 katao, maaari kang makakuha ng SSI.
  - —Kung ikaw ay nakatira sa isang pampublikong institusyon na ang pangunahing dahilan ay dumalo sa isang naaprubahang pang-edukasyon o pagsasanay sa trabaho para makatulong sa iyong makakuha ng trabaho, maaari kang makakuha ng SSI.
  - —Kung ikaw ay nakatira sa isang pampublikong emergency shelter para sa mga homeless, maaari kang makakuha ng SSI.
  - —Kung ikaw ay nakatira sa isang pampubliko o pribadong institusyon, at ang Medicaid ay higit pa ang binabayad kaysa sa kalahati ng gastusin ng iyong pag-aalaga, maaari kang makakuha ng isang maliit na benepisyo mula sa SSI.
  - —Kung mayroon kang anumang felony o krimen o mga warrant of arrest sanhi ng pagtakas sa custody, flight para maiwasan ang isang prosecution o confinement, o flight para tumakas, karaniwan ay hindi ka makakatanggap ng SSI.

## Paano mag-apply para sa SSI?

Kung pano mong mag-apply para sa SSI, maaari kang magsimula sa proseso at pagkumpleto ng malaking bahagi ng iyong application sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website



*(kabila)*

sa ***www.socialsecurity.gov/applyforbenefits***. Maaari ka rin tumawag sa amin ng toll-free sa **1-800-772-1213** para mag-set up ng appointment sa isang kinatawan ng Social Security.

Kung ikaw ay may kapansanan na adult na naglalayon na mag-file para sa parehong SSI at Social Security, maaari ka na ngayong mag-apply online para sa parehog mga benepisyo ng sabay kung ikaw ay nakakatugon sa mga sumusunod na kahilingan:

- Nasa pagitan ng mga edad na 18 at 65 taong gulang,
- Hindi pa kailanman kinasal;
- Hindi bulag;
- Isang mamamayan ng Estados Unidos na naninirahan sa isa sa mga 50 estado, District of Columbia, o Northern Mariana Islands; at
- Hindi nag-apply para o tumatanggap ng mga benepisyo mula sa SSI noong nakaraan.

Para mag-apply sa Social Security at mga benepisyo sanhi ng kapansanan mula sa SSI nang online, bumisita sa ***www.socialsecurity.gov/disability***. Kung hindi ka makapag-apply sa SSI online, maaari kang tumawag sa amin ng toll-free sa **1-800-772-1213** para magtakda ng isang personal o sa pamamagitan ng telepono na appointment sa isang kinatawan ng Social Security.

Ang mga magulang o tagapag-alaga ay karaniwang makakapag-apply para sa mga bulag o may kapansanan na bata na mas bata sa 18 taong gulang. Sa ilang mga kaso, ang iba pang mga ikatlong panig ay maaaring mag-apply para sa mga bata.

Kailangan ay dala mo ang ilang mga partikular na item kapag nag-apply ka. Kahit na hindi mo dala ang lahat ng mga bagay na nakalista sa ibaba, mag-apply pa rin. Ang mga tao sa tanggapan ng Social Security ay makakatulong sa iyong makuha kung anuman ang kailangan. Mangyari lang dalhin:

- Ang iyong Social Security card o isang rekord ng iyong numero sa Social Security;
- Ang iyong birth certificate o iba pang katibayan ng iyong edad;
- Impormasyon tungkol sa bahay kung saan ka nakatira, tulad ng iyong mortgage o iyong lease at ang pangalan ng landlord;
- Mga payroll slip, bank book, mga polisa sa insurance, mga rekord ng pondo sa pagpapalibing, at iba pang impormasyon tungkol sa iyong kita at mga bagay bagay na pagmamay-ari mo;
- Ang mga pangalan, address, at numero ng telepono ng mga doktor, ospital at klinika na napuntahan mo, kung ikaw ay nag-a-apply para sa SSI dahil ikaw ay may kapansanan o bulag;
- Katibayan ng pagiging citizen sa Estados Unidos o katayuan bilang eligible citizen; at
- Ang iyong checkbook o iba pang mga papeles na nagpapakita ng iyong account number sa bangko, credit union, o savings and loan.

Kung ikaw ay naaprubahan para sa SSI, kailangan mong tanggapin ang iyong mga bayad sa electronic na paraan. Maaari kaming magbayad sa pamamagitan ng direktang pagdeposito, ng Direct Express® card program, o isang Electronic Transfer Account. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa ***www.GoDirect.org***.

## Isang tala para sa mga taong bulang o may kapansanan

Kung ikaw ay bulag o may kapansanan, at nagtatrabaho, may mga espesyal na tuntunin na makakatulong sa iyo. Maaaring patuloy pa rin kayong makakuha ng mga kabayaran sa SSI habang ikaw ay nagtatrabaho. Habang mas malaki ang pera mong kinikita, ang iyong mga kabayaran mula sa SSI ay maaaring mabawasan o mahinto, ngunit maaari mong mapanatili ang iyong coverage mula sa Medicaid.



*(kabila)*

Maaari rin kayong magtabi ng kaunting pera para sa isang layunin sa trabaho o para pampasok sa paaralan. Kung ganito ang kaso, ang pera na iyong itinatabi ay hindi magbabawas sa iyong SSI.

Ang mga bulag o may kapansanan na mga tao na nag-a-apply para sa SSI ay maaaring makakuha ng libreng mga espesyal na serbisyo para makatulong sa kanilang pagtatrabaho. Ang mga serbisyong ito ay maaaring may kasamang counseling, pagsasanay sa trabaho, at tulong sa paghahanap ng trabaho.

Maaari kang makakuha ng karagdagang impormasyon sa *Working While Disabled—How We Can Help o Pagtatrabaho Habang May Kapansanan–Paano Kami Makakatulong* (Publication No. 05-10095).

### Karapatan na mag-apela

Kung di ka sumasang-ayon sa isang desisyon na ginawa sa iyong claim, maaari mo itong i-apela. Ang mga hakbang na magagawa mo ay ipapaliwanag sa *Your Right To Question A Decision Made On Your Supplemental Security Income (SSI) Claim o Ang Iyong Karapatan na Kuwestiyonin ang Isang Desisyon na Ginawa sa Iyong Supplemental Security Income (SSI) na Claim* (Publication No. 05-11008).

Maaari mong pangasiwaan ang sairli mong kaso sa SSI o sariling apela nang may libreng tulong mula sa Social Security. May karapatan ka din na may ibang kumatawan para sa iyo. May mga tuntunin kung sino ang maaaring maging kinatawan mo at kung ano ang magagawa ng iyong kinatawan. Kami ay makikipagtulungan sa iyong kinatawan tulad nang gagawin namin sa iyo. Tanungin sa amin kung paano ka makakapagtalaga ng ibang tao para kumilos sa ngalan mo. Maaari ka rin makahanap ng karagdagang impormasyon tungkol sa isang kinatawan sa *Your Right To Representation o Ang Iyong Karapatan sa isang Kinatawan* (Publication No. 05-10075) or on our website at ***www.socialsecurity.gov/representation***.

## Maaari kang makatanggap ng iba pang tulong

Kung nakakatanggap ka ng SSI, maaari ka rin makakuha ng tulong mula sa iyong estado o county. Halimbawa, maaari kang makakuha ng Medicaid, pagkain, o iba pang mga social service. Tumawag sa iyong lokal na departamento para sa social services o tanggapan ng public welfare para sa impormasyon tungkol sa mga serbisyong handang magamit sa iyong komunidad.

### Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP)

Kung ikaw ay nakakatanggap ng SSI, maaari kag makakuha ng tulong sa pagbili ng pagkain sa pamamagitan ng Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP), na dating kilala bilang food stamps. Kung ang lahat ng mga kasama mo sa bahay ay nag-a-apply o nakakatanggap ng SSI, maaari kang mag-apply para sa SNAP sa isang tanggapan ng Social Security.

Kung hindi ka nakatira sa isang bahay kung saan ang lahat ay nag-a-apply o nakakatanggap ng SSI, bumisita sa ***www.fns.usda.gov/snap*** para malaman kung paano mag-apply. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa, basahin ang *Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP) Facts o Mga Katotohanan sa Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP)* (Publication No. 05-10101). Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iba pang mga programa ng tulong sa nutrisyon na maaari mong magamit, basahin ang *Nutrition Assistance Programs o Mga Programa para sa Tulong sa Nutrisyon* (Publication No. 05-10100).

### Medicaid

Kapag nakakatanggap ka ng SSI, maaari ka rin makatanggap ng Medicaid, na nakakatulong na bayaran ang doktor at mga bill sa ospital. Ang iyong lokal na social service o medical assistance na tanggapan ay maaaring makapagbigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa Medicaid.

*(kabila)*

### Tulong sa pagbabayad para sa Medicare

Kung nakakatanggap ka ng Medicare, at may mababang kita at kakaunting makapagkukuhanan ng salapi, maaaring bayaran ng iyong estado ang iyong mga premium sa Medicare at, sa ilang mga kaso, iba pang mga gastusin tulad ng mga mababawas na halaga at coinsurance. Ang estado lang ang makakapagpasya kung ikaw ay kuwalipikado. Upang malaman kung kuwalipikado ka, makipag-ugnayan sa iyong estado o lokal na tanggapan ng Medicaid. Maaari mong makuha ang mga numero ng telepono nila at karagdagan pang impormasyon tungkol sa mga programang ito mula sa Centers for Medicare & Medicaid Services (CMS) sa pamamagitan ng pagtawag sa Medicare toll-free na numero, **1-800-MEDICARE** (**1-800-633-4227**). Kung kayo ay bingi o may kahirapan sa pandinig, tumawag sa TTY **1-877-486-2048**.

Maaari ka rin makakuha ng Karagdagang Tulong sa pagbabayad ng taunang mababawas na halaga, mga buwanang premium o hulog, at mga co-payment sa iniresetang gamot na may kinalaman sa programa para sa iniresetang gamot ng Medicare (Part D). Maaaring kuwalipikado ka para sa Karagdagang Tulong kung mayroon kayong limitadong kita (alinsunod sa antas ng kahirapan na batayan ng estado) at may limitadong pinagkukuhanan ng pera. Ang mga limitasyon sa kita at pinagkukuhanan ng salapi ay nagbabago taon-taon at hindi pareho tulad ng limitasyon ng SSI na kita at pinagkukuhanan ng salapi. Makipag-ugnayan sa Social Security para sa mga kasalukuyang limitasyon.

Maaari kang mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) o makakuha ng mas maraming impormasyon sa ***www.socialsecurity.gov/extrahelp***. Maaari ka rin mag-apply o humiling ng application sa pamamagitan ng telepono, o maaari kang mag-apply sa iyong lokal na tanggapan ng Social Security.

Kung mayroon kayong parehong Medicaid na may saklaw sa de-resetang gamot at Medicare, Medicare at SSI, o kung binabayaran ng inyong estado ang inyong mga premium sa Medicare, awtomatikong makukuha ninyo ang Extra Help na ito at hindi na ninyo kailangang mag-aplay.

## Maaari kang makatanggap ng Social Security

Kung ikaw ay nagtrabaho at nakapagbayad na ng sapat sa Social Security, maaari na karapat-dapat ka rin para sa mga benepisyo ng Social Security habang nakakatanggap ka ng SSI. Ang mga benepisyo sa pagreretiro ay mababayaran sa mga taong may edad na 62 o mas matanda pa at sa kanilang mga pamilya. Ang mga benepisyo sanhi ng kapansanan ay napupunta sa mga taong may kapansanan at sa kanilang mga pamilya. Ang mga benepisyo ng survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila) ay binabayad sa mga pamilya ng mga manggagawa na pumanaw na. Kung sa palagay mo na kuwalipikado ka para sa mga benepisyo ng Social Security, tumawag sa amin para kumuha ng appointment para makipag-usap sa isang kinatawan ng Social Security.

## Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

### Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa ***www.socialsecurity.gov***. Doon, maaari kayong:

*(kabila)*

- Lumikha ng isang *my* Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification lettert (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;
- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

## Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.



**Social Security Administration**
Publication No. 05-11000-TL | August 2017
Supplemental Security Income (SSI)
Supplemental Security Income (SSI) (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito